# Ang Ikalawang Pagparito Ng Panginoon

Makalangit naming Ama, sa pagdulog po namin sa Iyo sa gabing ito, sa kalugud-lugod na Pangalan ng Panginoong Jesus, kami po'y nagagalak na palapit kami nang palapit sa banal na mga araw na ito, na may pagkabatid na ginugunita nito ang pinaka dakilang panahon sa lupa. Ito ngang nung ang buong-kasapatang Hain ay inihandog, upang ang mga abang naliligaw na mga makasalanan ay mapapalaya't magtataglay ng dakilang pag-asang ito na taglay namin sa aming mga puso sa gabing ito, na darating ang araw na Siya'y paririto muli. At sa gabing ito, sa paglapit ko kanina sa pulpitong ito, sa pagdaan ko sa pintuang 'yun, haya't naririnig ko ang lumang awiting ito, "Magbubunyi tayo sa buong sanlinggo, na katumbas sa dakong 'yun ay unang sampung libong taon," na nagpapabalik ng mga alaala maraming taon na ang nagdaan nung unang nagtagpo-tagpo kami sa tabernakulo rito bago nagsimula ang dakilang rebaybal na 'yun sa buong mundo. At, Diyos Ama, sadya pong kinaluluguran namin ang mga alaalang ito.

2 At sadya ngang napaka inam para sa aming mga kaluluwa na kami'y makabalik muli sa gabing ito para magpasimula ng isa na namang makalumang rebaybal kung saan ang mga makasalanan ay hihingi ng kaawaan, at kung saan ang mga tumalikod sa pananampalataya ay maibunsod na maituwid muli sa Diyos. At ang Espiritu Santo ang tampok na Panauhin sa pagtitipon na ito, na Siyang humahawak at namamahala, at naghahatid sa amin ng Tinapay ng Buhay sa pamamagitan ng Salita. At dalangin namin na Kanyang pagmiministeryuhan kami gabi-gabi sa rebaybal na ito, pagagalingin ang mga maysakit at mga nangangailangan, pakababanalin ang bawat mananampalataya, at maluwalhati mula sa mga pagsisikap na ito na inilatag namin. Dahil, Diyos Ama, ito'y para sa karangalan at kaluwalhatian lamang ng Kanyang Pangalan na hinihiling namin ito. Amen.

3 Ito po'y para tuparin ang isang pangako na binitawan ko labing-isang taon na ang nakararaan. Matagal ngang panahon ang lumipas muna hanggang sa makaabot dito, pero heto nga na nakabalik muli sa tabernakulo para sa isang rebaybal. At, ngayon, alam naman natin na itong munti nating tabernakulo ay kulang talaga sa espasyo pagdating sa ganitong rebaybal, pero tayo nga'y magsisiksikan lamang dito, at sa higit nating makakaya, para sa susunod na ilang mga gabi, para po sa kaluwalhatian ng Diyos.

4 At gustung-gusto ko po talagang magdaos ng pagtitipon sa loob ng iglesya. Maraming mga lugar, dinadaos namin 'yun sa mga stadium, at maging sa labas, at sa mga arena, pero may kung ano pong bagay na kaiba talaga kapag dito idinaraos sa may simbahan. Para ngang may kung anong kaluguran, na mas lakip-lakip na pagbubuklod kapag narito ka sa iglesya. Doon po sa mga arena, sa mga dako na pinagdadausan ng mundo, tayo'y nagpapasalamat sa pribilehiyo na makapagdaos doon, pero may kung ano ngang parang pumipigil, na parang mala-diyablong kapangyarihan, na kinakailangan mong gapiin muna bago magpasimula ng rebaybal. At kaya naman sa pagparito n'yo sa simbahan, ito nga'y lugar kung saan nananahan ang Diyos, na makaparito kayo sa tahanan Niya para makapagdaos ng isang pagtitipon.

5 At ngayon nagagalak tayo sa gabing ito na makita ang dati nang mga mukha na mga ilang taon na ring nagdaan nung huli kong makita sa pagmiministeryo ko rito sa tabernakulo. Haya't ang makita si Kapatid na Graham na narito, at si Kapatid na Curtis, at Kapatid na babaing Angie, at Kapatid na babaing Gertie na narito, at Kapatid na Cox at Kapatid na babaing Cox, at, oh, naku, marami pa sa inyo, Kapatid na babaing Spencer at Kapatid na Spencer, at lahat po kayo na naparito. Galak na galak po kami. Si Nanay, at Gng. Slaughter, at ang kapatid na lalaki rito, sadya ngang marami-rami, pa rin. Ilan po sa inyo ang narito na noon nung magpasimula tayo rito, o ang ibig kong sabihin mula nung umalis ako para magtungo sa labas para sa rebaybal? Patingin po ng inyong mga kamay. Sa lahat nga ng dako ng simbahan ngayong sabi, tingnan n'yo ang mga kamay. Napaka inam po.

6 Ngayon tayo'y. . .nalalaman natin na ang mga rebaybal na ito ay dumarating lamang sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Siya Mismo ang Siyang nagdadala ng rebaybal. At di natin 'yun magagawa sa ganang atin, mga pagsisikap lang ang kaya nating gawin; at kailangang pagpalain ng Diyos ang pagsisikap na 'yun, at nagtitiwala tayo na gagawin Niya.

7 Binabanggit ko sa maybahay ko nung bumibiyahe kami rito. . .Hindi na po ako nakakain ng hapunan ngayong gabi. Masyado pong maraming ginagawa. Alas dos na po nang hapon kahapon nung nakapagpalit ako ng suot, mula nung bumangon ako ng umaga kahapon. Yun 'yung may tumawag sa telepono. At alas dos 'yun nung may agaran akong tawag para kay Dr. Adair sa Louisville. At nung. . .At hayan nga't maraming iba pang tawag, at sa mga beterano. May isa na mula sa ospital, ang sabi, "Buweno, tuwi-tuwina kami naghihintay, at kung mayroon pang mas matindi sa impyerno sa pagsapit namin dun ay itong mas matinding kadalamhatian, ng paghihintay." At talagang mga pagsusumamo at mga iyakan po galing sa iba't ibang dako, galing sa daan-daang mga ministro.

8 At, ako na po ang nagsasabi sa inyo, nabubuhay tayo sa isa sa pinaka dakilang araw na nasilayan ng mundong ito, isa sa pinaka dakilang panahon. At ganoon na lang ang kagalakan ko na makita ang pagkagutom sa mga puso ng mga taong ito na mag-asam pa tungkol sa Diyos.

9 Ngayon inilagay ko nga sa puso ko, idinadalangin ko na ito'y nasa kalooban ng Diyos. At, siyanga pala, may ilang tao na nakatayo riyan sa likod. Iniisip ko. . . May—may mauupuan pa naman tayo rito, na isang munting bangko, iniisip ko kung hindi ba't maaayos natin 'yang munting bangkong 'yan. Sa ilan sa mga binibini. . . o sinuman, na nakatayo riyan sa likod, na maaari sigurong. . . Heto, iniisip ko nga kung ang ilan sa kanila siguro rito o kung ano, pumarito lang at maupo sa bangko rito, dito po sa unahan. Marahil. . . Kapatid na Ben, ikinagagalak namin na makita ka na narito, 'yung huling nakita kita ay nung naroon ako sa San Fernando Valley, California, ilang linggo ang nakararaan. At sige po't may mga lugar pa rito kung gusto n'yong pumarito, kayo—kayo na mga nakatayo riyan sa likod. At ngayon kung gusto n'yong pumarito, sige po, magpunta na po agad. Heto po ang bakante pang upuan sa may entablado rito, at may bakante pa rin sa banda rito, at dadalhin lang sa may altar. Gusto naming kumportable kayo.

10 At binanggit ko sa maybahay ko na ipinangako ko sa sarili ko na sa pamamagitan ng tulong ng Diyos, na di ko pahahabain ang pagdaraos ng mga gawain, na mangungusap lang ako nang tatlumpung minuto, loobin ng Panginoon. At 'yun po'y himala kung tutuusin, dahil di po ako—di po ako mabilis magpasimula. At, heto nga na susubukan ko—susubukan ko, at dahil sa. . . At heto rin na mamaya kami'y, itong, bukas ng gabi. . .

Ngayong gabi, ang paksa ko ay: *Ang Ikalawang Pagparito Ng Panginoon*.

11 At bukas ng gabi ay gabi ng komunyon, at nilalayon ko na mangusap tungkol sa *Komunyon* ayon sa Lumang Tipan. At tayo po'y. . . Bukas ng gabi ang opisyal na gabi ng komunyon, dahil 'yun 'yung gabi na ang ating Panginoon ay ipinagkanulo. At opisyal na gabi ng komunyon po 'yun. At pagkatapos ng mga gawain bukas ng gabi, regular na gawain ng pangangaral, dadako tayo sa komunyon. At ang lahat po'y iniimbitahan na pumunta kasama namin at—at makisalo sa maluwalhating bagay na ito na iniwan sa'tin ng Panginoong Jesus.

12 At pagkatapos sa kasunod na gabi, loobin ng Panginoon, yamang 'yun ang gabi ng pagpapapako sa krus, ang nais ko—ko namang talakayin, mula sa ibang silip marahil kumpara sa mga naririnig n'yo na sa radyo, *Ang Pagpapapako Sa Krus*.

At pagkatapos sa Sabado ng gabi, *Ang Paglilibing*.

13 Linggo ng umaga ng alas sais, may pagbubukang-liwayway na gawain. Alas diyes, may gawain para sa pagbabautismo, at

kung may mga magpapabautismo. At pagkatapos ay mensahe sa umaga ng Pasko ng Pagkabuhay.

14 At sa Linggo ng gabi, loobin ng Panginoon, aasahan natin ang isang maikling mensahe patungkol sa *Ang Ebidensya Ng Pagkabuhay Na Mag-uli*, at isang gawain ng pagpapagaling. Regular na gawain ng pagpapagaling po katulad ng idinaraos natin sa pagtitipon sa—sa regular na pagtitipon, itong parating na Linggo ng gabi. At kung di n'yo pa nasasaksihan ito, at ang mga kaibigan n'yo ay di pa kailan nasasaksihan ang nakikitang ebidensya ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus, umaasa ako na Kanyang ipangyayari 'yun gaya ng ipinangyari na Niya sa mga nagdaang taon ng mga pagtitipon, na magpapakita mismo rito at gagawin ang siya ring mga bagay na Kanyang ginawa noong Siya'y narito pa sa lupa. At nananabik tayo sa pagkakataon na 'yan, ang pagparito . . . na darating.

15 Sige po, lumapit lang at maupo nang kumportable. At iniisip ko kung puwede siguro bukas ng gabi ay makakakuha tayo ng iba pang mga upuan mula sa ibang luar. Siguro dun sa—sa punerarya o kung saan man na makakahiram tayo ng ilan pa, na siguro ipupuwesto diyan sa mga gilid pa. Gusto kasi nating ang lahat ay maging kumportable.

16 Ilan po rito ang umiibig talaga sa Panginoon nang lahat-lahat sa kaibuturan n'yo? Ngayon atin na ngang ibaling ang ating paggiliw kay Cristo at sadya pong tumuon na ngayon. Di po tayo naparito para sa kung anong mga doktrina, tayo po'y naparito para sambahin ang Panginoon. At naparito nga tayo para anyayahan ang lahat mula sa bawat kredo, kulay, uri, at di 'yun mahalaga rito, tayo nga'y pumaparito para sambahin ang Panginoon, at magkakaroon mismo ng kalahating oras ng makalumang awitan at—at bago magsimula ang mga gawain. At, ngayon, bukas ng gabi sisikapin kong magsimula gaya sa gabing ito, nang sakto, kung maaari, alas otso, at magpalabas nang mas maaga para makabalik tayo sa susunod na gabi.

17 At, ngayon, ang lahat po'y malugod na tinatanggap. At, sa ating mga bisita, kayo po'y higit na malugod na tinatanggap na pumarito lang sa pagbubuklod at pagkatapos na pagkatapos ng gawain, kayo po na mga taga-rito sa iglesya na dumadalo rito, siguraduhin n'yo na makakamayan n'yo ang bawat isa sa abot ng makakaya n'yo. Sikapin n'yo . . . Ilayon n'yo na maibaba ang anumang sagabal, at sadyang magtamasa ng maluwalhating panahon. At di n'yo alam kung anong maaaring gawin ng ating Panginoon, sa panahon na ito ng Pasko ng Pagkabuhay at tayo lamang ay nananabik sa dakilang mga bagay.

18 Ngayon, sa pinagpalang Salita, nais ko lamang magbasa muna ng isang—isang talata, o isang taludtod o dalawa, mula sa Ebanghelyo ni San Lucas, at sa ika-15 kabanata, sa ika-8 talata:

*O aling babae na may sangpung putol na pilak, na* kung *mawalan siya ng isang putol,* ay *hindi baga magpapaningas ng isang ilawan, at wawalisan ang bahay, at hahanaping masikap* hanggang *sa ito'y* masumpungan *niya?*

*At* pagka *nasumpungan niya, ay titipunin niya ang kaniyang mga kaibigan at mga kapitbahay, na sinasabi, Makipagkatuwa kayo sa akin; sapagka't nasumpungan ko ang isang putol na nawala sa akin.*

19 Ngayon, mistula ngang kakaibang Kasulatan 'yan para sa Ikalawang Pagparito ni Cristo, at...pero nangungusap nga ito patungkol sa Ikalawang Pagparito ni Cristo. At itong dakilang paksa na mayroon tayo rito sa harapan natin ngayon ay isa sa pinaka mahahalagang paksa sa buong Banal na Kasulatan. Wala na ngang mas iimportante pa sa Pagparito ng Panginoong Jesus. Dahil kung hindi Siya paparito, masusumpungan nga tayo na mga huwad na saksi, ang mga patay natin na naroon sa libingan ay malilipol na lamang, at wala nang matitirang kahit na anong pag-asa para sa atin kung si Jesus ay di paririto mismo nang may pagpapakita sa ikalawang pagkakataon. At sa mismong...pagsasaalang-alang, sa mismong pagsasaalang-alang sa Ikalawang Pagparito, ito'y napaka halaga talaga, na itong banal na sanlinggong ito na atin ngang tinutugaygay, haya't si Jesus, nung tinugaygay Niya ito sa pinaka unang pagkakataon doon sa mismong anino ng Krus, nangusap Siya nang kaunting-kaunti patungkol sa Kanyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli. Mas nangusap Siya tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito kaysa sa nangusap Siya patungkol sa Kanyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli. Yamang nababanggit ito, ito nga'y tunay na napaka importanteng paksa.

20 Sa Lumang Tipan, mas higit na maraming Kasulatan sa Lumang Tipan ang pumapatungkol sa Ikalawang Pagparito ni Cristo kumpara sa unang Pagparito ni Cristo. Ang lahat-lahat sa salinlahi ng tao, matapos na maganap ang pagtutubos, ay nakalagak mismo sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon.

21 Ngayon, marami tayong iba't ibang mga relihiyon, at marami rin tayong iba't ibang mga motibo at iba't ibang mga teolohiya, pero ang relihiyong Cristiano ay nakabase mismo sa kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli, at sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon. Oh, 'yun nga'y napaka importanteng katanungan. At sa ating pagtugaygay ngayon, sa akin pong taos-pusong pagbubulay, tayo'y nabubuhay na sa mismong anino ng Kanyang Ikalawang Pagparito. Hayan nga't, sa paraan ng pagkakita ko ayon sa Kasulatan, wala nang pag-asa pa ang natitira para sa Iglesya maliban sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon. Hayan nga't ang sanlibutan sa ligaw at pandemonikong kalagayan nito ay talagang lubusan nang

wala nang kontrol, hayan nga ang lahat ng mga organisasyon na gawang-tao sa buong mundo. Di na kayang pamahalaan ng mga hari ang kanilang mga nasasakupan, ni ang mga diktador ay di na rin nila kayang kuntrolin ang mga nasasakupan nila, kahit pa demokrasya'y wala na ring kapit sa mga nasasakupan niya, at wala na talagang kapaga-pagasa ang natitira kundi ang Ikalawang Pagparito ng Panginoong Jesus.

22 At ito na talaga ngayon ang pinaka teribleng panahon para sa isang di-mananampalataya't makasalanan, na nasaksihan niya kailanman, dahil ang panahon ng kawakasan ay nalalapit na. At gayunpama'y pinaka pinagpalang panahon para sa isang mananampalataya, dahil ang kanyang katubusan ay nalalapit na. Haya't may dalawang pangkat sa mundo sa gabing ito, ang mananampalataya at ang di-mananampalataya. Ang isa nga'y tatanggapin ng Panginoon sa pagparito, at ang isa'y hahatulan ng Panginoon sa pagparito. Sa Kanyang Pagparito, ang isa ay pagpapalain at ang isa ay susumpain, sa Kanyang pagpapakita.

23 At yamang ang bagay na ito'y napaka importanteng bagay, binubulay ko nga bago. . .sa gabing ito, ang ibig kong sabihin, ng munti nating rebaybal, na dapat nga tayong tumingin nang may katapatan, at doon po sa mga Kasulatan, at tingnan kung gaano na ba tayong kalapit ngayon. Diba't kung gusto kong malaman kung anong oras na, ako nga'y titingin sa aking relo. Kung gusto kong malaman kung ano nang araw sa sanlinggong ito na kinabubuhayan natin, o buwan man ng taon, titingin nga ako sa kalendaryo. At kaya kung gusto kong malaman ang papalapit na panahon ng dakilang kaganapan na ito, titingin nga ako sa Salita ng Diyos, sinasabi kasi Nito ang oras kung ito nga'y nalalapit na. Dahil sinasabi ng Biblia, "Datapuwat kung magpasimulang mangyari ang mga bagay na ito, itaas ninyo ang inyong mga ulo, malapit na ang pagkatubos ninyo." Ang oras ay napipinto na talaga.

24 Sadya ngang napaka dakilang bagay 'yun kay Juan, ang may kapahayagan, doon sa Isla ng Patmos, nung makita niya ang paunang pagpapakita ng Pagparito ng Panginoon. Nung makita niya ang mga sumpa na ipapataw sa mga di-mananampalataya, at ang mga pagpapala na inilagay naman sa mga mananampalataya, napasigaw siya nang malakas, "Siya nawa, pumarito Ka, Panginoong Jesus!" Napuspos sa galak ang puso niya matapos na masaksihan niya ang lahat, ang mga kaganapan bago ang Kanyang Pagparito, na napasigaw siya, "Siya nawa, pumarito Ka, Panginoong Jesus!" At nung ang buong kapanahunan ng iglesya'y dumaan sa paningin niya, at nakita niya nang malawakan ang lahat, kung papaano 'yun magaganap, anupa't napasigaw talaga siya, "Pumarito Ka, Panginoong Jesus!" Walang pasubali na maluwalhating bagay na ang Pagparito ng Panginoon ay nalalapit na.

25 Si Jesus, nung ang Kanyang mga alagad ay napunta sa punto na ang hinahanap-hanap nila ay mga bagay na karnal o mga bagay na natural sa lupa. Ngayon, dito po'y huminto muna tayo pansumandali. Hindi kasi laging sa karnalidad lang tayo napapalayo, kung minsan maging sa mga natural na bagay ay napapalayo tayo. Ang mga lingkod ni Jesus, o mga alagad Niya, itinuturo nila sa Kanya ang templo ng bayan, ng Jerusalem, yaong dakilang templo kung saan ang Diyos sa Kanyang Kaluwalhatiang Shekinah ay nagpakita sa dakong 'yun ng Kabanal-banalan sa lahat ng banal. At nung banggitin ng mga alagad sa Kanya kung papaanong kay inam nung pagkakalagay ng mga bato roon, kung papaanong dakila ang dalubhasang kaisipan ng Diyos na nagtalaga sa mga batong 'yun na gayong tinapyas sa iba't ibang bahagi ng mundo ay naglakip-lakip. At sa apatnapung taon ng pagpapatayo ng templo, ay wala ni langitngit man galing sa lagari o tunog ng martilyo ang narinig. Ganoong kadalubhasa ang pagkakalakip ng mga 'yun sa isa't isa. At maging kung papaanong ang Diyos ay lumukob doon at mga Kerubin at kung papaanong ipinamalas nun ang Kanyang Kaluwalhatiang Shekinah, at kung papaanong ang mga alagad ay may higit na inaasahan sa dakilang simbahan na 'yun.

26 At pagkatapos sinabi sa kanila ni Jesus, "Huwag kayong tumuon sa mga bagay na ito." Gayong banal na dako 'yun, isa nga 'yung mainam na dako. Isa nga 'yung dako, isang bahay na pinapanahanan ng Panginoon. Pero ang sabi ni Jesus, "Huwag kayong tumuon sa mga bagay na ito. May bagay Ako na dapat sabihin sa inyo na higit na mas dakila kaysa rito. Sapagkat darating ang panahon," sabi Niya, "na wala ni isa mang bato ang nakapatong pa rin sa isa pang bato rito."

27 Kahit na gaano pang kaingat tayo na alagaan ang sarili nating pisikal na katawan, kahit na gaano pang kasigasig ang trinatrabaho natin para sa ating organisasyon, kahit na gaano pang kasigasig ang trinatrabaho natin sa ating iglesya para sa ating—ating kaayusan sa iglesya, darating ang panahon na ang mga bagay na 'yun ay maglalaho't lilipas.

Sinimulang mangusap ni Jesus sa kanila tungkol sa bagay na 'yun, at sabi nila, "Ano ba ang magiging tanda na papalapit na ang katapusan ng mundo?"

28 At sinimulang mangusap ni Jesus sa kanila, "Darating ang panahon na walang maiiwang bato na nakapatong sa isa pang bato rito. Makakarinig kayo ng mga digmaan at alingawngaw ng digmaan, salot, mga lindol sa iba't ibang lugar."

29 At nung isang araw, sa California, sa Oakland, nung kami'y nabigyan ng pribilehiyo na makaparoon sa isang pagtitipon, at 'yun ang unang pagkakataon na ang maybahay ko'y nakaranas ng lindol. Nakaupo ako sa barberya, at ako. . . 'yung silid ay umuga nang kaunti. At agad-agad na may anunsyo sa radyo,

"Lumilindol." Sabi, "May kasunod pa sa loob ng walong minuto."

At sa isip-isip ko, "Oh, ano kaya kung 'yun 'yung pinaka huli na!"

30 Nagmadali ako palabas ng barberya, kinatagpo ko ang maybahay ko na naghihintay sa kalsada, tapos pumasok sa isang maliit na botika para bumili ng ilang card na litrato para ipadala sa mga mahal namin sa buhay. At habang naroon kami sa loob, hayun nga ang isa sa pinaka di-maipaliwanag, na kakatwang pakiramdam na mararanasan kailanman ng isang tao, ang buong lupa po'y nagsimulang umuga. Ang mga bote'y nagsilaglagan mula sa istante, 'yung mga tubo'y nagsimulang kumalas mula sa gusali, at dun sa kalsada, napuno mismo, ang mga tao'y nagsisigawan at nagsisi iyakan habang nababakbak ang mga palitada mula sa dingding. Tapos 'yung malalaking mga gusali na tatlumpu at apatnapung palapag ang taas, ang mga 'yun ay nayugyog din hanggang sa may usok o alikabok na animo'y mula sa dikdikan na pumailanlang sa ere na parang isang malaking kabute. At 'yung mga tao'y nagsimulang magsi hiyawan at magtakbuhan. Sabi ko, "Ang daliri 'yun mismo ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na sinasabi, 'May kamay na sumusulat sa pader.'"

31 Sabi ni Jesus, "Kapag narinig ninyo ang mga lindol sa iba't ibang dako." Hayun nga ang lupa na nabitak sa mismong daan at mahaba-haba, mga nasa limang talampakan ang uwang, at daan-daang talampakan ang lalim sa lupa. Mayroon pa ngang bahagi, na bumigay talaga ang daan. At sa isip-isip ko nung mabitak 'yun, halos makita ko mismo ang daliri ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na nagsasabi, "At magkakaroon ng mga lindol sa iba't ibang dako."

32 Habang lumilipas ang araw na 'yun, walong iba't ibang lindol ang yumanig sa siyudad. At 'yung mga bahay-inuman ay anupa't nagbukas pa rin, at 'yung mga lasenggo'y nagdagsaan sa kalsada. At ang mga kababaihan ay lumalakad sa kalsada, na halos di nadadamitan, at lahat na't parang walang nangyari. Ang mga tao'y talagang tali sa lupa sa panahon ngayon na di ko alam kung anong klaseng pag-uga ang makakapagpayanig sa bansang ito. Ang mga tao'y walang pakialam. Di talaga nila alintana. At may isa pa nga na nagbiro, naulinigan ko siya't nakita mismo ng mata ko, sabi, "Nakita n'yo ba 'yung ginawa ko? Winagayway ko lang ang kamao ko. Ako si superman."

At sa isip-isip ko, "Grabeng kalapastanganan!"

33 Di pa nga kalapastanganan 'yun sa isip-isip ko kumpara sa naisip ko rito sa mismong bayan natin, noong bumibiyahe ako sa daang-bayan kagabi papuntang Georgetown, dito mismo sa pagtawid sa bahagi rito bago kayo makarating dun sa bukana ng bagong daang-bayan. May malaking karatula po roon, at sabi

dun, "Siya'y nabuhay, ang may Buhay." At 'yung mismong katabi roong karatula, dalawa lang na karatula 'yun, ang sabi, "Kung saan may Budweiser, may buhay."

34 Sa isip-isip ko, "Grabeng kalapastanganan!" Sukdulan na talaga. At 'yun naman ang sinasabi ng Biblia, "Na bago ang Ikalawang Pagparito ni Cristo, na ang mga tao'y magiging lapastangan, magsisilakad sa kani-kanilang masamang pita, mga walang paglulubag at palabintangin." Ganoon na lamang na ang mundo'y nasadlak sa lubhang pagkaligaw ng isip!

35 Sa Bombay, India, nito-nito lang nung si Billy (ang anak ko pong lalaki) at ako'y magpunta sa dako roon sa isang malaking pagtitipon kung saan makasampung libong mga Hindu ang isinuko ang kanilang buhay kay Cristo, doon nga'y dumating ang isang malaking babala. At ngayon gusto kong tunghayan n'yo ang katalinuhan ng kalikasan. At, bigla-bigla na lang, sa kung anong di maipaliwanag na dahilan, lahat ng maliliit na ibon sa siyudad ay nagsimulang umalis ng bansa. At 'yung mga ibon, laksa-laksa talaga, umalis sila ng bansa. At napansin nung mga tao na 'yung buong bakahan at mga tupa at mga baka. Hayan nga't sa India, 'yung pambakod nila dun ay di katulad ng pambakod natin dito sa atin, hindi kahoy na bakod 'yung sa kanila roon, 'yung sa kanila roon ay malalaking batong-bakod na mataas ang pagkakatayo. At 'yung buong bakahan nga'y nagsimulang umiwas mula dun sa mga pader at iniwasan din 'yung mga gusali, at nagpunta sila roon sa gitna ng kaparangan at nagsimula silang magkumpul-kumpulan sa gitna ng parang. Pagkatapos, bigla na lang, isang malaking lindol ang tumama at itinumba ang mga pader, mga puno, mga bato, nagliparan na parang mga misayl. At 'yung mga ibon ay di pa muna bumalik, at maski 'yung bakahan ay nanatili lang dun sa parang, pero 'yung tao nga'y iniisip niya na ayos na ang lahat. Tapos nung sumunod na araw, lumindol na naman, at marami pang mga gusali ang nagtumbahan at animo'y misayl na nagtatalsikan. At nung ikatlong araw, nagsibalikan na ang mga bakahan sa mga pader at maging 'yung mga ibon ay nagsibalikan sa siyudad.

36 Oh, Siya na nagpapakain sa ibong-maya, Siya na nagdala sa Kanyang mumunting mga nilalang papasok ng daong, ay nabubuhay at naghahari mapasa hanggang ngayon. At ang mga nilalang na 'yun ay mistula ngang nagtataglay ng mas higit na katalinuhan patungkol sa Diyos kaysa sa tao, na Kanya ngang nilikha ayon sa Kanyang wangis; yamang, lapastangan ang tao. Haya't 'yung mumunting mga nilalang ng lupa, naglalaan para sa kanila ang Diyos at sila'y nagsilikas palayo sa naglalakihang mga pader. Patay na sana sila, 'yung mga ibon ay nadurog na sana sa mga uwang ng bato habang paugoy-ugoy 'yun.

37 Mga tanda ng Kanyang Pagparito! Oh, isa ngang dakilang araw na kinabubuhayan natin ngayon. Lindol sa iba't ibang dako, salot, lahat ng mga bagay na sinalita ni Jesus ay narito

na. Sa pagtingin ko nga rito, wala nang natitira pa kundi ang Pagparito na mismo ng Panginoon. Napipinto na talaga.

38 Si Jesus sa. . .maging doon sa pahayag Niya sa Kanyang bayan, sabi Niya, "Sa puno ng igos ay pag-aralan ninyo ang talinghaga nito. Kapag nananariwa ito at sumusupling ang mga dahon, sinasabi ninyo na malapit na ang tag-araw. At kapag nakita na ninyo ang mga bagay na ito ay nangyayari na, alam na ninyo na ang panahon ay nalalapit na."

39 Pansinin ninyo kung ano ang puno ng igos. Ang puno ng igos noon pa ay itong bansa ng mga Judio. Mangyaring hindi lang ang "puno ng igos" ang Kanyang binanggit, bagkus "ang iba pang mga puno." "Kapag nakita na ninyo na ang puno ng igos at ang iba pang mga puno ay nagsusupling na." Ngayon, hindi lamang 'yung puno ng igos ang binanggit niya, maging 'yung *iba pang* mga puno.

40 Ngayon, pansinin nga natin kung kailan itong pagsusupling niya ng mga usbong. Tayo nga'y nabubuhay sa isang napaka kakaibang panahon sa nakalipas na ilang taon. Nagtamasa ang iglesyang Gentil ng isa sa pinaka dakilang rebaybal na natamasa niya mula noong. . .mula noong mga araw ng mga alagad; oh, at ang iglesyang Gentil nga'y wala pang ganoong rebaybal nung panahon na 'yun, ang iglesyang Judio ang may rebaybal. Pero ang iglesyang Gentil, sa nakalipas na sampu o labing-dalawang taon, ay nagtamasa mismo ng pinakadakilang rebaybal sa kasaysayan.

41 Naiisip nga natin 'yung rebaybal kina Martin Luther, oo, siyanga, dakila 'yun, pero sa bansang Aleman lang. Naiisip natin 'yung rebaybal ni Wesley doon sa Inglatera, lumaganap nga 'yun hanggang dito, at sa ilang mga Isla ng Britanya, pero di nga abot-abot ang paglaganap. Pero sa araw na ito mismo, itong rebaybal na nagaganap, ukol sa Sobrenatural, talagang lumaganap nang dagat-sa-walang-hanggang-dagat, sa buong mundo mismo, sa pamamagitan ng malawakang-sakop ng radyo at magasin at mga ebanghelista na nagsihayo sa labas, di man tinataguyod ng sangkatauhan, at nagdala ng rebaybal sa sampung libong makailang libo (na mga kaluluwa) na mga ipinanganak sa Kaharian ng Diyos.

42 Sa akin pong munti't simpleng-simpleng pagmi-ministeryo na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon, nasaksihan ko mismo ang lagpas milyong mga kaluluwa na nagsilapit sa Kaharian ng Diyos. Isipin n'yo 'yun! Hayan nga ang iba na taglay itong malakihang mga pagmi-ministeryo, na talagang laganap mismo sa radyo, at sa kung anu-ano pa, nakakaabot sa milyun-milyon. May mga apoy nga ng rebaybal na nag-aalab sa bawat burol sa buong mundo, halos sa lahat, mula nang ako'y. . .mula pa nung sampung taon ang nakararaan, mula nung ako. . .magpasimula tayo ng rebaybal. Nasa huling panahon na talaga tayo.

43 Ngayon pansinin, hayan nga, bago 'yun, iprinopesiya Niya rito, at ang sabi, "Ang mga pader ng Jerusalem ay yuyurakan ng mga Gentil hanggang sa ang dispensasyon ng mga Gentil ay magwakas." Anupa't kinubkob 'yun ng mga Mohammedan. Napagtanto natin 'yan. At gusto ko pong tingnan n'yo mismo ang krisis na 'yan sa gabing ito, kung papaanong si Ismael at Isaac ay talagang leeg-sa-leeg pa rin ang init sa isa't isa, doon sa Jerusalem kung saan inihula na ganoon ang mangyayari. At nitong ilang mga taon ang nakararaan ay halos wala na ngang natirang Judio sa Jerusalem.

44 Ngayon, sinasabi nga ni Jesus, "Kapag nakita ninyo ang puno ng igos na sumusupling na ng usbong." Ngayon, ang mga Judio po'y nakakalat sa buong mundo, malaking bilang mismo, milyun-milyon ang naroon sa bansang Aleman, at sa Italya, at sa Estados Unidos man, at sa buong mundo. At ang Diyos, gaya ng ginawa Niya noon nung unang panahon, na pinatigas ang puso ni Faraon, pinatigas Niya ang puso ni Mussolini sa mga Judio, at ang mga Judio ay pinalayas mula sa Italya. Pinatigas Niya ang puso ni Hitler, at sila'y pinalayas mula sa bansang Aleman. Pinatigas Niya ang puso ni Stalin, at pinalayas nga sila mula sa Rusya.

45 At napapansin n'yo ba sa pahayagan, na tayo, ang Estados Unidos, ay kumakampi na sa panig ng mga Arabo? Oh, kapatid, ang sulat-kamay ay naroon na mismo sa pader! Ang sabi ng Diyos, "Sinuman ang nagpapala sa Israel ay pagpapalain, ang sumusumpa sa Israel ay susumpain."

46 Ngayon, may litrato po ako roon sa bahay, o sa tingin ko ay may humiram nun ngayon, na ang tawag ng mga siyentipiko roon ay, *Tatlong Minuto Bago Ang Hatinggabi*. Kung mismong daidig na ng siyensiya ang nagsasabing "ang tiktak ng orasan ay umabot na sa tatlong minuto bago ang hatinggabi," at sa tingin ko nga'y pinaikli pa nila ito ngayon at isang minuto na lang daw bago mag-hatinggabi, yamang natuklasan ng mga makapangyarihang bansa na ang hydrogen o oxygen, atomika, ay maaari pala nilang gamitin, na kaya pala nitong magdulot ng sukdulang pagkawasak sa loob lamang ng limang minuto. Kaya nga nilang gawin 'yun, siguradong-sigurado kahit ngayon pang gabi, na walang matitira kahit isang buhay na tao sa buong kontinente ng Hilagang Amerika sa loob lamang ng tatlumpung minuto. Anupa't nasa kamay 'yun ng sangkumpol na mga di-naniniwala sa Diyos na malaki ang pagkamuhi sa atin. At, di lang 'yan, may mga lantsa tayo't mga barko na naroon, sa lahat ng mga dako, sa magkabilang. . .sa Siberia man, doon man sa Hungary, at iba't ibang lugar, kung saan nakapalaot ang ating mga barko, kargado ng siya ring klase ng mga misayl na ito.

47 Mga kapatid, huli na sa inaakala n'yo! Wala ngang kaalam-alam ang Sodoma't Gomorra, na 'yung gabi na 'yun, haya't sila pala'y nabubuhay na sa kanilang huling sandali. Wala ngang

kaalam-alam ang Egipto na yaong anghel ng kamatayan, na inihulang darating, ay darating na pala ng gabing ’yun. Maging ’yung Pearl Harbor ay walang kaalam-alam na ’yung paglusob ay nangyari na pala. Tayo’y isinalang na mismo sa timbangan at nasumpungan tayong kulang! Malapit na tayo sa kawakasan ng panahon!

48 Anong mangyayari kung. . .? Sila, doon sa Moscow, haya’t iuumang na nila ang mga misayl na ’yun, na ginigiya ng mga bituwin at radar, ay patatamain ang bomba na ’yun nang sakto rito sa Fourth Street sa Louisville basta’t naisin nila. Ganoon nga. At tayo man ay nakapalaot sa dagat sa kung saan, sa ating mga barko, at iuumang ang isa sa kabisera sa Moscow basta’t naisin natin. Anong mangyayari, kapatid ko, kung ’yung misayl na ’yun na katakut-takot ay pakakawalan at ang bansang ito ay makakatanggap ng pagyanig, at sa siya ring oras na ’yun ay pakakawalan din natin ang siya ring bagay at payayanigin ang kabilang bahagi? At tayo nga’y nakatira sa ibabaw ng maliit, na munting, katiting, na manipis na pang-ibabaw ng lupa, siya nga, yamang kinain na ’yun nang kinain sa buong palibot ng mga lindol hanggang sa magmistulang inuubos ang pinaka loob nun na parang itlog. Kung ang mundo nga’y sasambulat na lang ng isang malakas na pagsabog at walong-libong-milya na kapal ng kumukulong putik ang sasambulat sa himpapawid, ipangyayari nga nun nang saktong-sakto ang sinabi ng Diyos na mangyayari.

49 Narito na tayo sa kawakasan ng panahon, narito na tayo. Wala nang makapipigil pa. Lahat ng pagnenegosasyon. . .Kahit na siguro maglagay tayo ng Eisenhower sa bawat bansa, at di na talaga ’yun mapipigil. Sinabi na ni Jesus Cristo na ang mga panahon na ito ay darating, narito na tayo. Nagpapasibol na ng usbong ang puno ng igos.

50 Sa litratong ito, doon mismo sa Iran, mababasa n’yo ’yun sa *Look* magasin, kung papaanong may mga naglalakihang mga eroplano sila dun at ero-eroplano ang isinasakay na mga Judio. Libo-libo sila, sila’y naroon nang matagal na panahon at mula pa noong panahon na dinala sila roon ng Babilonia, naroon na sila nang dalawampu’t limang daang taon, at nanatili roon. Sila nga’y nag-aararo dun gamit ang mga gawang-kahoy na kasangkapan. Wala silang kaalam-alam na si Jesus ay naparito noon sa lupa. Wala nga rin silang kaalam-alam maliban sa kanilang makalumang Judiong tradisyon, mga tradisyon na kinagisnan nila. At nung ang mga eroplanong ito’y lumapag doon, at nagsimulang isakay ang mga Judiong ito, para dalhin sila pabalik sa kanilang sarili mismong lupain. . .

51 Iprinopesiya ng propeta, dalawampu’t walo o tatlumpung daang taon ang nakararaan, at sabi, “Sa paglabas nila mula sa pagka-alipin, dadalhin sila ng Diyos sa mga pakpak ng mga agila.” Nakita ng propeta ang pagdating ng eroplano, nakita niya ang kanilang paglapag, at isinasakay sila at dinadala sila

pabalik sa lupang-tinubuan. Hindi niya alam ang tawag dun, kanya lang. . .Mukhang agila ’yun sa paningin niya, kaya ang sabi niya, “Ang mga taong ’yun ay dadalhin sa likod ng mga pakpak ng mga agila.”

52 At nung makababa na sila mula roon sa sasakyang ’yun na panghimpapawid, at naroon ang mga kabataan na inaalalayan ang matatanda, sila nga’y kinapanayam. At sabi nila, “Kayo po ba’y bumalik sa lupang-tinubuan para mamatay?”

Sagot nga nila, “Hindi. Bumalik kami para makita ang Mesiyas!”

53 Oh, naglalakihang mga barko na pinaaandar ng uling mula sa iba’t ibang panig ng mundo, sa huling nitong ilang mga taon, nagsidaong ang mga ’yun sa Jerusalem sakay ang matatandang Judio, may mga bata’t matatanda, suot-suot nila ang mga balabal nila, galing sa silangan, galing sa kanluran. At doon sa kabisera sa may Jerusalem ay wumawagayway ang matandang bituwin ni David na may anim na tulis, ang pinaka matandang watawat sa buong mundo, na dalawampu’t limang daang taon nang hindi wumawagaygay, na sa gabing ito’y isa na siyang deklaradong bansa. Ang puno ng igos ay nagpapasibol na ng kanyang mga usbong.

Ang Jerusalem ay lumalago, ipinanunumbalik
na ng Panginoon,
Mga tanda na inihula ng mga propeta;
Mga araw ng Gentil ay bilang na, punung-
puno ng pagkabalisa;
Bumalik na, Oh mga nangalat, magbalik na.

Sapagkat ang araw ng pagkatubos ay malapit
na,
Puso ng mga tao’y lupaypay sa takot;
Tiyaking puspos ng Espiritu ng Diyos, na
inyong mga ilawa’y pinag-igi pinag-ilaw.
Tumingala! ang inyong pagkatubos ay malapit
na.

54 Huli na po sa inaakala natin. Hindi tayo nagpupunta sa simbahan para okupahan lang ’yung mga bangko, hindi tayo nagpupunta sa simbahan para makinig lang ng isang mainam na pangangaral, o nagpupunta sa simbahan para makapakinig ng mainam na musika. Ang mga ’yan ay may kanya-kanyang lugar, pero ang dapat nga nating gawin sa pagparito sa iglesya ay ang maituwid tayo sa Diyos at para sa kaligtasan ng ating kaluluwa, dahil ang Araw ng pagtutubos ay malapit na.

55 Si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, inihalintulad ito (ang sabi Niya) sa isang babae. At sa paksa natin sa gabing ito, nakita natin ang babaing ito, umalis ang kanyang asawang lalaki, at ang babae’y naiwala niya ang isang mamahaling bato

mula sa kanyang diyadema. Ngayon sisikapin kong ipaliwanag mismo ito.

56 Sa panahon ngayon, kapag ang isang babae'y ikinasal na, siya'y nagsusuot ng singsing pangkasal bilang tanda na siya'y kasal na. Yun nga'y upang ang ibang lalaki ay di na puwedeng manuyo pa sa kanya. Titingnan nila't makikita na siya pala'y kasal nang babae.

57 Doon noon sa lumang panahon, di pa sila gumagamit noon ng singsing pangkasal, ang mayroon sila noon ay diyadema (ang tawag nila dun ay "diyadema") na inilalagay nila sa ulo nila. May sampung mamahaling bato 'yun, at nakapaikot 'yun sa kanilang ulo. At tanda 'yun na sila'y babaing kasal na, at wala ngang lalaki ang maaaring makipag-ugnayan sa kanila, wala ngang lalaki ang maaaring manligaw sa kanila. Ang mga babaing ito'y kasal na.

58 Bawat isa sa mga mamahaling bato na 'yun. . .Kung may oras lang sana tayo (pero wala na po, kaya titipirin ko po ang aking pananalita sa abot ng aking makakaya), babanggitin ko sana sa inyo kung ano ang ibig sabihin ng bawat isa sa mga mamahaling bato na 'yun. Inilagay ang mga 'yun dun, at bawat mamahaling bato ay may katumbas na mabuting kalikasan ng babae. Yung una dun, tumutukoy sa kanyang pag-ibig sa kanyang asawang lalaki. Yung ikalawa, 'yung pangako niya ng kalinisang-puri na siya'y mamumuhay nang malinis para sa asawang lalaki. At may ikatlo at ikaapat at ikalima, hanggang dun sa ika-siyam at sa ikasampu.

59 Kung gusto n'yo pong tingnan 'yun, tingnan n'yo 'yun sa Mga Taga-Galacia 5. Masusumpungan n'yo na 'yung babae na 'yun ay kumakatawan sa Iglesya, at ang Iglesya ay Asawang Babae na ikinasal kay Cristo. At 'yung diyadema na dapat suotin ng Iglesya ay matatagpuan dun sa Mga Taga-Galacia 5, yaong pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, kagandahang-loob, pagtitiis. Yun 'yung diyadema na dapat suotin ng Iglesya, pag-ibig sa kapatid, kabaitan, pakikipagbuklod.

At ang naturang babaing ito, nung ito'y. . .Marahil malapit na noong magdilim nung mamalayan niya na naiwala niya ang isa sa mga mamahaling bato na 'yun.

60 Oh, kung may panahon nga na ang iglesya ay kailangang-kailangan nang gumawa ng imbentaryo para malaman n'yo kung kumpletong lahat ang mga mamahaling bato n'yo, ito na 'yung panahon na 'yun. Malapit nang dumilim. Yung—'yung mismong banta't kalipunan ng mga ulap na ang sibilisasyo'y wawasakin na't nakabinbin na mismo sa ibabaw ng lupa, kasalanan at kasamaan sa bawat panig. Nabubuhay tayo sa isang matinding panahon, panahon na sobrang masama na talaga, ang mga tao'y nagpupunta sa simbahan pero pakunwari lang, ang mga tao'y

nagpupunta sa simbahan para panakip-bukas lang sa kasamaan nila, ang mga tao'y nagpupunta ng simbahan at nag-aangkin pa mismong Cristiano at haya't ang pamumuhay nama'y katulad sa iba pa sa sanlibutan, umiinom, naninigarilyo, nagsusugal; ang mga kababaihan ay imoral ang pananamit, nagsisipagsuot ng damit na di nga nila dapat isinusuot maging dun sa—maging sa sarili na nilang kuwarto, at pagkatapos ay ilalantad pa sa lansangan sa harap mismo ng maraming tao. At 'yung dapat na pag-iibigan ng magkakapatid ay mistulang bagay na bale-wala na lang, halos. Kung tutuusin ay hindi lang *isang* mamahaling bato ang naiwala natin, haya't *bawat* isa nun ay naiwala natin.

61 At malapit nang maggabi, at, alalahanin n'yo, pabalik na ang kanyang asawang lalaki. At kung maabutan siya ng asawa niyang lalaki na wala ang isa sa mga mamahaling bato na 'yun, ipinapakita lang nun na minarkahan siya na "isang patotot."

62 Dahil kung susuway siya, o, dudungisan niya ang sarili sa kung anong paraan at may mga taong nakakita, siya nga'y dadalhin nila sa harap ng saserdote at magdadala ng saksi roon na nakita siya na ginawa niya ang ganoong bagay, at yamang nakikita ng saserdote na ang babae'y isang kasal na babae, kukunin 'yung isang mamahaling bato (mula sa diyadema niya) na ang ibig sabihin nakagawa siya ng mali. Kung kanya—kanya kasing dinumihan ang kalinisang-puri niya, tatanggalin nila ang isang 'yun. Kung siya nga'y nagpapaligaw, na ang ibig sabihin lang ay di siya tapat sa kanyang asawang lalaki, haya't tatanggalin nila ang isang 'yun. Anupaman 'yun na nagawa niya, tatanggalin nila 'yun. At kaya kung babalik ang kanyang asawang lalaki, tapos makikita niya na minarkahan ang babae, haya't makikipaghiwalay siya sa babae agad-agad at hindi na magkakaroon ng anumang kaugnayan sa ganoong klase ng babae. Di niya kasi nanaiisin ang ganoong klaseng babae.

Mangyaring papalapit na nang papalapit ang dilim nung mamalayan niya na may naiwala pala siya, oras na rin na ang asawa niyang lalaki ay pabalik na, at pagabi na.

63 Kinakailangan na talagang suriing maigi ng iglesya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, itong ating kadalisayan, ating katapatan, ating pagkamaalab. Naging matatabil tayo, mapag-imbento ng kuwento, maninigarilyo, mga naninira nang patalikod, pinturadang mga Jezebel, puno mismo ang kalendaryo ng lahat mismo ng pinag gagagawa ng sanlibutan, haya't ang iglesyang Cristiano ay nakikipag-ugnay sa mga bagay na 'yun sa panahon ngayon na di mo na masabi kung ano ang pinagkaiba ng isa sa isa. Panahon na talaga na kailangang mag-imbentaryo. Paubos na ang panahon.

64 Ngayon, nang sa gayon. . .paubos na ang panahon kaya anupa't kinailangan niyang magsindi ng kandila. At kumuha

siya ng kandila. Mangyaring di lang siya kumuha ng kandila, kumuha rin siya ng walis at siya'y naglinis ng bahay.

65 Oh, kapatid! Kung may panahon mismo na kailangang-kailangan nang magsindi ng kandila, na maipanumbalik ang Liwanag ng Ebanghelyo, na papasok na muli ang Espiritu Santo sa iglesya . . . Na di lang kung anu-anong emosyon, di lang kung anu-anong pagka-panatiko, di lang kung anong pagkaantig ng damdamin, di lang basta makatalon na lang sa galak, bagkus isang karanasan ng pagsasaliksik sa puso na ang mga lalaki't babae ay itinutuwid sa Diyos. Siyanga. Narito na talaga tayo sa pagtatapos ng panahon.

66 At nung sindihan ng babae ang kandila, tinanglawan siya nun ng liwanag. At, kapatid, bawat munting kandila na narito ay kinakailangang masindihan sa gabing ito. Hindi lang 'yun, kumuha ang babae ng walis, at napapanood ng mga kapitbahay ang mga alikabok na nagliliparan. Ang babae nga'y naglinis talaga ng bahay, dahil ang kanyang asawa ay paparating na. At kung maabutan ng lalaki na ang babae'y kulang ng kahit isang mamahaling bato, siya'y ituturing na "isang patotot."

67 Kapatid, tayo na Iglesya ng buhay na Diyos, sa napaka selang mga oras na ito na kinabubuhayan natin, marapat lang na saliksikin natin ang ating mga sarili, dumulog sa harap ng Diyos, sindihan ang kandila ng Salita ng Ebanghelyo, at atin ngang saliksikin ang ating mga sarili at tingnan kung tayo ba'y nagkukulang, at lalo na't nakikita na natin ang lahat ng mga bagay na ito na dumarating na. Narito na tayo sa katapusan ng panahon, ang Pagparito ni Cristo ay malapit na. Wala nang iba pang pag-asa sa sanlibutan para sa Iglesya.

68 At, tingnan n'yo, ang iglesya ay nagpapahapay. Wala na ngang kamalayan ang iglesya. Halos di mo na kaya silang gisingin pa. Sinabi ng Biblia na mapapadako sila sa ganoong kalagayan na sasabihin nila, "'Hayan nga, ipagpapaliban ng ating Panginoon ang Kanyang Pagparito.' At sila'y naninila't nagkakagatan sa isa't isa, at kung anu-ano pa, at nagaaway-away." Hayan nga mismo ang panahon. Nakaumang na ang lahat. Nakabuklat na ang mga pahina, kung papaano nga, at handa na talaga, ang Pagparito ng Panginoon.

69 Naiwaglit ng iglesyang Lutheran ang liwanag niya. Naiwaglit ng iglesyang Methodist ang liwanag niya. Naiwaglit ng iglesyang Baptist ang liwanag niya. Naiwaglit ng iglesyang Pentecostal ang liwanag niya. Lahat na halos ng liwanag ay naiwaglit na.

70 Ang mga Pentecostal, mga miyembro ng Holiness, ang kilos nila'y saktong parang Methodist na. Ang mga Methodist ay parang mga Baptist na kumilos. Ang mga Baptist ay parang Lutheran na kumilos. Ang mga Lutheran ay parang Katoliko na kumilos. At lahat nga'y mistulang napadpad na sa isang

malaking kalipunan ng kasalanan. Ganoon nga. Narito na tayo sa katapusan ng panahon, ang Pagparito ng Panginoon.

71 Ngayon, ang babae'y nagkaroon ng panahon ng puspusang paglilinis ng bahay. Kinuskos niya ang mga sahig, inagiwan niya ang mga dingding, tinanggal niya ang mga sapot, hindi siya tumigil hanggang sa mahanap niya ang naiwaglit niya. At, nung mahanap na niya, tinawag niya ang mumunti niyang mga kapatid na iglesya na sila'y magsipunta.

72 Di ko alintana kung Methodist kayo, Baptist, Pentecostal, Presbyterian, halikayo, pumarito kayo para tayo'y magbunyi't magalak nang sama-sama. Kapag dumating ang panahon na 'yan, kapag nasumpungan mismo ng iglesya ang pag-ibig nito sa kapatid, kapag nasumpungan ng iglesya ang banal nitong kalinisan, kapag nasumpungan ng iglesya ang dako nito kay Cristo, tatawag nga ito sa iba pang mga bahagi ng katawan, "Halikayo at magbunyi kasama namin." Ibig ng Diyos na ang iglesya'y umibig sa Kanya.

73 Sa tingin ko Linggo ng umaga 'yun noong mangusap ako patungkol sa kalinisang puri ng isang babae, kung gaano ngang pinagpalang bagay 'yun, na wala ka nang masusumpungan na mas kalugud-lugod pang bagay sa pag-uwi mo sa tahanan nang pagod, haya't nagkaloob ang Diyos sa lalaki ng isang asawang babae. Ang lalaki't babae ay di kayang paghiwalayin, sila'y isa. Sa paglalang, nilalang silang dalawa ng Diyos na magkalakip na iisa, at iisa ang puso nila, kaluluwa, isip, at lahat. Noong likhain na Niya ang tao sa alabok ng lupa, inihiwalay Niya ang lalaki mula sa kanyang asawang babae. Noong gawin Niya si Eba, hindi Niya ginawa ang isang—isang babae, na pumulot ng *panibagong* alabok muli, bagkus ay humugot Siya mula sa tagiliran ni Adan ng tadyang at ginawan siya ng asawang babae. Ang sabi ng lalaki, "Siya'y buto ng aking buto, laman ng aking laman." Sila'y isa sa puso, kaluluwa, at katawan.

74 Yun ay tipo ni Cristo. Hindi hinango ng Diyos ang Iglesya ni Cristo mula sa kung anong kredo, hindi rin Niya hinugot ito mula sa kung anong denominasyon. Hinugot Niya Ito mula sa mismong puso ni Cristo, na ang sibat ay tumusok sa tagiliran Niya, haya't sa pamamagitan ng Dugo.

75 Kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, hindi ko alintana gaano man kayong karelihiyoso, kung di kayo natatabunan ng Dugo, mapapahamak kayo. Dadako tayo riyan, sa makalawa pagkatapos ng bukas ng gabi, para ipakita ko sa inyo kung gaanong kaimportante 'yun. Pero mapapahamak nga kayo kung wala ang Dugo.

Ngayon, nung gawin nga Niya ang asawang babae na 'yun, siya'y isang katuwang. Siya nga'y naroon para ibigin ng lalaki, siya'y bahagi ng lalaki.

76 Ngayon pakinggan n'yong maigi. Ang isang lalaki o isang babae ay di makapupunta kahit kailan sa Langit maliban na sila'y maipanganak na muli. Di ko tinutukoy rito 'yung kesyo kayo'y nakapagsalita sa iba't ibang wika, di ko tinutukoy rito 'yung kesyo kayo'y nakasigaw, di ko tinutukoy rito 'yung kesyo kayo'y nakapagsayaw, di ko tinutukoy rito 'yung kesyo kayo'y nakadadalo sa simbahan at regular pa nga, na may boton pa kayong naikakabit dahil sa inyong katapatan; ang mga bagay na 'yan ay mainam naman, pero di 'yan Ito. Kinakailangan nga mismo ng isang ganap na paglalakip na pag-uugnay sa pagitan n'yo at ni Cristo, hanggang sa kayo'y maging isa. Na kayo'y isa! At kung hindi, papaano . . .?

77 Nakikinita n'yo ba na papauwi kayo ng gabi, pagod, may pagkahapo, pagal? Sabihin na lang natin na kayo'y magsasaka, mekaniko, mangangaral, o kung anuman kayo, paroroon, na sa pag-uwi n'yo sa inyong munting tahanan, nananabik nga kayo hanggang sa kayo'y makaabot dun. Bubuksan n'yo ang pinto at may munting kalugud-lugod na asawang babae ang nakatayo roon, na bumabati sa inyo. Siya'y maayos ang itsura at malinis. Lalapit siya sa inyo at hahalikan kayo sa pisngi, sasabihin niya, "Tay, pagod ka." Pauupuin ka niya sa may silya, mauupo siya sa hita mo, iyayakap niya ang mga bisig niya sa iyo at aaluin ka sa pamamagitan ng pagtapik. Magmimistula ngang hindi ka pagod, may umaalo sa iyo. Isa nga 'yung bagay na ibinigay sa iyo ng Diyos para sa ganoong layunin. Yun nga'y bahagi mo, ngayon, yamang siya'y isang tunay na asawang babae.

78 Pero papaano kaya kung ang mga labi na 'yun ay humalik sa ibang lalaki nung araw ding 'yun o noong nagdaang araw? Papaano kung nalaman mo 'yun? Papaano kung ang mga bisig na 'yun ay yumakap pala sa ibang lalaki? Siya'y ganap na kasuklam-suklam diyan sa kandungan mo. Yung halik na 'yun ay papaso na parang halik ni Judas. Yung mga bisig na 'yun, pipiliin mo ngang di 'yun nakayapos sa iyo. Oh, siguro siya'y nagpaganda pa, na paalon-alon ang buhok, na ang mga mata niya'y kulay tsokolate, na ang mga pisngi'y mala-rosas, 'yung munti niyang palda ay plantsado, na marahil siya'y ganoong kaaya-aya, pero kung ang tunay na dalisay na maka-Diyos na paggalang at pag-ibig at tiwala ay wala roon, mas mabuti pang umalis na lang siya sa kandungan mo. Di ka nga magnanais ng anumang kaugnayan sa kanya, siya'y—siya'y isang kahihiyan sa iyo. Di ko alintana gaano man siyang magpaganda, siya'y mali't mali maliban na lang kung mapatunayan siya na isang tunay, na tapat na kasintahan, na walang ibang iniibig kundi ikaw, walang ibang nakahahalik sa kanyang mga labi kundi ikaw, walang ibang mga bisig ang nakayayapos sa kanya kundi ikaw, at alam mo 'yun. Grabeng napakasarap sa pakiramdam, grabeng kapanatagan!

79 Hayan nga ang asawang lalaki't asawang babae, na tipo ni Cristo at ng Kanyang Iglesya. At sa pagdalo n'yo sa inyong

simbahan, marahil nasa sa inyo ang pinaka magagandang mga upuan sa siyudad, marahil nasa sa inyo ang pinaka mataas na kampanaryo sa siyudad, marahil nasa sa inyo ang pinaka mainam na bakal na organ, marahil kayo ang pinaka mainam na manamit, na parang ibong-sinsonte pa kayo kung umawit, pero sa kabila ng lahat ng 'yan, kung kayo'y humahalik at nakikipagligawan sa sanlibutan, 'yang mistulang halik na 'yan sa pisngi ni Cristo ay mala-Judas na halik. Di Niya nanaisin na magkaroon ng anumang kaugnayan sa inyo. Haya't titingin Siya sa singsing n'yo ng pakikipagsundo sa kasalan at makikita Niya na may nagalaw sa diyadema, nakita Niya na naiwaglit 'yung pag-ibig. Naging pakitang-anyo na lamang, nakita Niya na naiwaglit 'yung katapatan. Nakiapid kayo sa sanlibutan. Nagpupunta kayo sa mga sayawan at mga kasayahang boogie-woogie, at nagsisipanood ng marurumi't bulok na programa sa telebisyon. Nangangalunya kayo laban kay Cristo, sa Kanya, yamang tinatawag n'yo Siyang Asawa n'yong Lalaki.

80 Ang sabi ng Biblia, "Sinasabi ninyo, 'Ako'y mayaman, di nangangailangan ng anumang bagay.'" Pero ang sabi Niya, "Di n'yo nalalaman na kayo'y hubad, maralita, bulag, dukha, at di 'yun nalalaman." Panahon na para sindihan ang kandila at puspusang linisin ang bahay. Napipinto na ang Pagparito ng Panginoon.

Pagbulayan natin 'yan ng ilang minuto habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo. Magagawa n'yo po ba? Maaari ka bang magpunta rito sa piyano, kapatid na babae?

81 Ano ba ang pinagkakaabalahan n'yo, iglesya? Ano ba ang kondisyon n'yo sa gabing ito? Sa pagtaas n'yo ng inyong kamay sa inyong pamimintuho, may bagay ba na iwinawasto sa inyo? Kung magpapaligaw kayo sa sanlibutan, kung nakagagawa kayo ng mga bagay na mali, ang halik n'yo . . .

82 Bulayin n'yo, po. Ginoo, gusto kong tanungin kayo ng isang bagay. At ito rin ang gusto ko pong itanong sa inyo Binibini, hayan nga, at sa Ginang. Kabataang babae, ano ang iisipin mo sa kasintahan mong lalaki, kung malaman mo't nahuli mo na siya'y nakikipag halikan at nakikisama sa ibang mga babae, at may kasunduan ka na sa kanya, at heto na siyang papalapit at tatapikin ka nang may pag-alo sa kamay, at sasabihin, "Mahal, ikaw lang ang mahal ko"?

Sasabihin mo, "Napakaipokrito mo masyado, umalis ka sa paningin ko!"

83 Ano ang inyong . . .? Isipin n'yo 'yun, Ginoo. Hindi nga lang tayo ipinagkasundo, mangyaring ikinasal na tayo. Ang Iglesya ay kasal kay Cristo. Tayo'y Asawa ni Cristo, na nagbubunga ng mga anak. Gugustuhin n'yo ba 'yun na uuwi kayo ng bahay sa gabi, para makipag-ugnay sa inyong asawang babae, at nariyan ang maliliit na mga anak, at matutuklasan mo na lang na noong

araw na 'yun pala . . .? At sa pagpasok niya, oh, 'yung mga kuko niya ay may manikyur ('yun nga'y, kung kayo'y sa sanlibutan). Marahil kayo . . . Marahil maganda ang kanyang pagkakaayos sa kanyang sarili, pero alam mo. Isipin mo 'yun, kapatid na lalaki, ano kaya kung ang babae na 'yun ay may kahalikan na ibang mga lalaki. Ano kaya kung ang mga bisig na 'yun na sa iyo'y nakayakap, sinasabi na mahal ka raw niya, at alam mo na isa lang 'yung . . . na may mahal din siyang iba, mangyaring ang pag-ibig niya sa iyo ay di totoo. Ang pag-ibig niya ay di totoo. Hindi lang pala para sa iyo, para sa iba rin pala. Kung talagang may pagkalalaki sa iyo, paaalisin mo siya mula sa iyo. Iisipin n'yo po 'yung ganoong pakiramdam. Isipin n'yo 'yun, binibini, na halimbawang uuwi ang asawa n'yong lalaki. At di lang 'yun, bagkus may dala-dala pang kung anu-anong sakit na dulot ng mga imoral niyang gawa.

84 At, oh, pagpalain ang iyong puso, ang iglesya nga'y nilamon na mismo ng espirituwal na sakit, lahat na ng uri ng mga ismo at lahat. Maling-mali! Diyos, nawa'y mahabag Ka! Paparating na si Jesus, mga kaibigan. Marahil mauubusan na kayo ng pagkakataon isa sa mga gabing ito, o isa sa mga araw na ito. Kaya kailangan n'yo nang siyasatin ngayon.

Manalangin tayo:

85 Ilan po sa inyo ang magsasabi, "Kapatid na Branham," habang nakayuko ang inyong mga ulo, nakataas ang inyong mga kamay, "alalahanin mo po ako sa panalangin, Kapatid na Branham. Dumudulog po ako sa gabing ito, di po ako nagpunta rito para magpakita lang"? Pagpalain kayo ng Diyos. Tingnan n'yo po ang mga kamay. "Hindi po ako nagpunta rito para magpakita lang, sumadya po ako para masumpungan ang isang bagay. At nananampalataya ako na nagsalita ang Diyos sa puso ko habang ikaw ay nangangaral, at napagtanto ko na ako po pala'y mali. Gusto kong—gusto kong maging tunay, na totoong Cristiano. Gusto kong maging tunay na umiibig, na sa pagdulog ko sa aking Panginoon ay luluhod ako sa aking mga tuhod, nais kong yakapin Niya ako sa Kanyang mga bisig, sabihin, 'Oh, Aking sinisinta!'"

86 Naalala n'yo ba si Solomon, kung paano ang pagkakasabi niya roon? Ang sabi niya, "Pumarito ka, sinisinta ko, lumakad tayo sa mga bungang-granada, lumakad tayo sa halamanan ng mga espesya." Ganoon na lamang na nagwika siya na ang labi ng babae ay parang usbong ng rosas, at kung ano pa. Ganoon na lamang ang pag-ibig niya sa munti niyang asawang babae, na kanyang sinabi, "Pumarito ka, halina't magpakasaya tayo sa pagsisintahan."

87 Sa pagluhod n'yo sa inyong altar para manalangin, ang puso n'yo ba'y totoong-totoo at ang kaluluwa n'yo ay tunay na walang halong dungis na masasabi n'yo, "Panginoong Diyos,

tumuon tayo sa ating pagsisintahan," at sasabihin n'yo, "Oo, aking Sinta, minamahal Kita"? O, kayo ba'y nangangalunya? Kayo ba'y nakikipag ligawan sa sanlibutan?

88 Haya't ang oras ng Panginoon ay malapit na yamang hayan na ang lahat ng mga tandang ito at mga kababalaghan, na makasampung ilang libong iba't ibang bagay ang nagaganap, na tumuturo, bawat panturo ay tumuturo mismo. Dumidilim na. May panlalamig na sa iglesya. Mistulang ang rebaybal ay tapos na. Ang huling bahagi'y malapit nang magtapos. At heto nga na ano kaya kung masumpungan natin ang ating mga sarili sa pangangalunya. Ano ang gagawin Niya? Palalayasin Niya tayo mula sa Kanya, at magsasabi, "Magsilayo kayo sa Akin, kayo na mga manggagawa ng kalikuan."

89 Ngayon, kung mayroon muli rito na nagnanais na maalaala muli, mangyaring hinihiling ko sa minutong ito, itaas n'yo ang inyong mga kamay sa Diyos, sabihin, "Ako po'y sumusuko na ngayon at nagsasabi, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, mula sa gabing ito ay mamumuhay na ako ng tunay na buhay sa tulong ng Diyos." Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. At ikaw kapatid na lalaki, ikaw kapatid na babae, ikaw kabataang babae, ikaw ginoo, ikaw kapatid na lalaki, ikaw sa dako rito, sa dako riyan, at sa iyo kabataang lalaki.

90 Mayroon pa po ba rito na di pa naliligtas, at magsasabi, "Kapatid na Branham, alalahanin mo po ako, hindi pa ako naipapanganak na muli kahit kailan. Alam ko sa sarili ko na di pa ako"? Pakinggan n'yo, di pa kayo ligtas hanggang sa kayo mismo'y maipanganak na muli, ibinabaling n'yo pa lamang ang inyong mukha patungo sa isang Bagay; pero kapag tinanggap n'yo na mismo si Cristo haya't kayo'y naipanganak nang muli. Sabihin n'yo, "Kapatid na Branham, di ko pa Ito natatanggap. Alam ko na mali ako. Itinataas ko na ngayon ang aking mga kamay, at magsasabi, 'Ako po'y alalahanin Mo, rin.' Di pa ako ligtas kahit kailan. Di ko pa—di ko pa nasusubukan kahit kailan na maglingkod kay Cristo, pero minimithi ko na ito'y sikaping gawin. Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham." Magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay, mayroon po ba sa lugar na ito ngayon? Mayroon po ba rito na hindi pa naging Cristiano kahit kailan, na nagnanais na magtaas ng kamay, na magsasabi, "Alalahanin mo po ako, kapatid, sa panalangin"? Pagpalain ka ng Diyos, iho. Mayroon pa po bang magsasabi, "Alalahanin mo ako, kapatid"? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Mayroon pa po ba, "Alalahanin mo ako, kapatid, minimithi ko na ngayon na sampalatayanan ang Panginoong Jesus at tanggapin Siya bilang Tagapagligtas ko"? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Mainam 'yan.

91 May namuna sa akin nung isang araw, ang sabi, "Kapatid na Branham, bakit mo sinasabi na, 'Itaas ang inyong kamay'?" Pakinggan n'yo, wala ngang mas naniniwala pa sa pagtawag sa

pagdulog sa may altar nang gaya ng naniniwala ko. Naniniwala ako sa pagdulog sa may altar, mainam 'yun, pero hindi ka nito maililigtas. Bagkus 'yung diwa mo, 'yung pagpapasya mo kay Cristo. Sasabihin n'yo, "Buweno, gusto kong dumulog sa may altar." Mainam naman 'yan. Pero, kapatid, napagtanto n'yo ba na kung itataas n'yo ang inyong kamay ay binabali n'yo ang bawat batas ng siyensiya? Yang kamay n'yo, sa natural, dahil sa hatak ng mundo, ay dapat nakalaylay 'yan. Sa pagtaas n'yo ng inyong kamay ipinapakita n'yan na may Sobrenatural sa loob n'yo na may kakayahang salungatin ang mga batas ng kalikasan, na nagbubunsod sa inyo na itaas ang inyong kamay sa inyong Manlilikha, may kung anong Bagay sa loob ng inyong puso na gumawa ng pagpapasya na 'yan. Nakikita ng Diyos ang pagtaas n'yo ng inyong kamay kung papaano nga na nakikita Niya kayo sa may altar. Ganoon mismo. Kung buo sa kalooban n'yo, ganoon din ang Diyos. Pero tingnan mo, kaibigan, di ka nga puwedeng kala-kalahati lang, kinakailangan na buo talaga ang pasya n'yo.

Ngayon manalangin tayo:

92 Pinagpalang Makalangit na Ama, sa gabi pong ito rito sa pagsisimula ng rebaybal na ito, habang ang oras namin ay mabilis na kumakaunti na ngayon, at lumipas na, dalangin ko po na Ikaw ay mahahabag sa mga taong ito. At ipagkaloob, Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na . . . Heto po sa gabing ito ang nasa dalawampung mga kamay na nagsipagtaas sa loob ng gusaling ito, na kinakailangan nila si Cristo. Oh Diyos, heto nga ang kanilang mga kaluluwa. Ang Espiritu, ang Langis, ay malapit nang maubos. Wala nang natitira pa. Kapag ang huling patak ay naubos na mula sa langisan, o lalagyan, wala nang Langis ang mailalagay sa aming mga ilawan. Mapagtatanto nila na nasa huling mga araw na sila. Wala nang pag-asa pa sa lupa sa labas ni Cristo. Dalangin ko ngayong gabi, Panginoon, na sa isang paraan, sa kataimtiman ng sandaling ito, mismong kataimtiman, na ipadadala Mo ngayon ang Espiritu Santo na nagbunsod sa kanila na magsipagtaas ng kanilang mga kamay, at iligtas sila mula sa buhay ng kasalanan. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama.

93 At nawa bago matapos ang pagtitipon na ito, nawa'y literal na dose-dosena sila, na marami ang magsihiyawan sa Espiritu Santo. Nawa dito, sa dako ng pagbabautismo, mangyaring isa-isa po talaga sila na mabautismuhan sa mayamang Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, sa umaga pong ito ng Pasko ng Pagkabuhay, na may pagbangon sa kabaguhan ng buhay. Oh Walang Hanggang Pinagpalang Ama, dalangin ko po na Iyong pagpalain sila. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. At ngayon, sa mismong sandaling ito, nawa'y ang pagpapasya nila'y totoo na, nawa'y tanggapin Ka na nila sa mismong kinauupuan nila. Ang mga altar namin at ang buong paligid ay puno ng mga tao, at dalangin namin na Iyong ibunsod na ang mga tao sa gabing ito ay maging lingkod Mo. Sa Pangalan ni Cristo.

94 Habang nakayuko ang ating mga ulo, nais kong tanungin kayo ng isang taimtim na tanong. Kayo na mga nagsipagtaas ng inyong kamay at kayo na mga nananalangin, alam ko na di kayo nagsipagtaas ng inyong kamay para ipakita lang sa akin na nagsipagtaas kayo ng kamay. Nagtaas kayo ng kamay dahil may kung anong Bagay na nagsabi sa inyo. At inihayag n'yo, habang nakataas ang iyong kamay, "Kapatid na Branham, ako po'y nananampalataya, sa harap ng Diyos at sa mga narito, ako po'y nananampalataya na may bagay na nangyari sa puso ko ngayong gabi, na mula sa gabing ito ay magiging pinagbago na akong tao." Magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay, kayo na mga nagsipagtaas mismo ng inyong kamay, sabihin, "Ako po'y nananampalataya"? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, ikaw, ikaw, ikaw. Mainam po. Diyan sa likuran, oo, pagpalain kayo ng Panginoon.

95 May iba pa ba na magtataas ng kamay, magsasabi, "Ako po'y sumasampalataya na ngayon"? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. "Sinasabi sa akin ng Diyos sa gabing ito..." Pagpalain ka ng Diyos, binibini diyan sa likod. Pagpalain ka ng Diyos, kabataang babae sa banda riyan. "Sinasabi sa akin ng Panginoon sa oras na ito na may kung anong bagay na naganap sa puso ko, at nananampalataya ako na ako'y makakakuha ng mas higit pang kagalakan mula sa rebaybal na ito kumpara sa kagalakan na natamasa ko sa buong buhay ko." Pagpalain ka ng Diyos. Sige, pagpalain ka ng Diyos, binibini na nakaupo rito. Iniisip ko na ito na ang oras para itaas mo ang iyong kamay, rin. Mayroon pa po ba, na magsasabi, "Iba nga sa pakiramdam, Kapatid na Branham, naniniwala ako na sa pag-uwi ko mula sa iglesyang ito sa gabing ito ay taglay ko na ang kamalayan na nalalapit na ang pagdating ni Cristo. Lalabas ako mula rito para ipamuhay ang isang pinagbago nang buhay. Ako'y magiging Cristiano na talaga, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Nananampalataya ako na tinawag ako ng Diyos"?

96 At kung tinawag Niya kayo, kayo'y sa Kanya. Tigilan n'yo ang pakikipag ligawan, tigilan n'yo na ang pakikipag ligawan sa sanlibutan! Pumarito na kayo, mamuhay na para sa Kanya ngayon. Sabihin, "Pinagsisisihan ko na ang lahat ng aking mga pagkakasala, at ngayon ay tinatanggap ko na si Cristo bilang aking Tagapagligtas." Mayroon pa po ba bago magtapos? May ilan pa ba? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos. Mainam 'yan. Pagpalain ka ng Diyos. Mainam 'yan. Nagagalak ako nang lubos na makita kayo na nagtataas. Sige po.

97 Simula sa gabing ito ngayon, medyo...ayaw naman nating pigain nang husto, gusto namin na mapalabas na kayo nang maaga para makabalik pa kayo bukas ng gabi.

98 Bago nga pala tayo magtapos, mayroon po ba rito na may sakit na magtataas ng inyong kamay, magsasabi, "Ipanalangin mo po ako, Kapatid na Branham"? Sige po, may lima, anim, pito,

walo, siyam, sampung kamay, labing-isa, labing-dalawa, sige po, labing-tatlo na ngayon, labing-apat, sige po, labing-lima.

Yumuko na tayo ngayon:

99 Pinagpalang Makalangit na Ama, nakikita Mo po ang mga kamay na 'yun. At, oh, naparito po sila para sa isang layunin. Marahil sila'y mga Cristiano, pero kinakailangan nila ang Iyo pong dakilang pagtulong. At napagtatanto namin, Panginoon, na sumigaw Ka nang malakas sa pamamagitan ni David, na ang sabi, "Huwag mong kalimutan ang lahat ng Kanyang mabuting gawa na Siyang nagpatawad sa lahat ng ating mga kasamaan, na Siyang nagpapagaling ng lahat ng ating mga sakit." Akin ngang idinadalangin na ang Dugo ni Cristo'y lumagak nang may kaluguran sa kanila at sila'y mapagaling, para ikagalak ang paparating na pagtitipon. Iyong ipagkaloob ito, Panginoon. Sa pamamagitan ng Pangalan ni Cristo amin itong hinihiling. Amen.

Tumayo na tayo ngayon, *Take The Name Of Jesus With You*:

Oh, Name of Jesus with you,
The child . . . (Lumibot po tayo, makipagkamay lang. Lumibot lang, sige't makipagkamay.)
It will joy and comfort give you,
Now take It everywhere you go.

Precious Name (precious Name), Oh how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name (precious Name), Oh how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

Ngayon tayo po'y tumaimtim, habang humaharap tayo sa gawi rito, awitin ito nang marahan:

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
Oh, when our journey is complete.

Precious Name (blessed It), Oh how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name (precious Name), Oh how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

100 Ngayon lumampas lang nang kaunti sa alas nuwebe, mga pito o walong minuto ang inilampas sa alas nuwebe. Maaga po, maaga kayong makakauwi, bumalik lang bukas ng gabi at atin pong ikagagalak ang mga pagpapala ng Diyos, ikagagalak ang inyong pagparito. At ngayon napansin ko may labing-dalawa, labing-apat na mga kamay ang tumaas para sa kagalingan sa gabing ito. Kung marami po ang pupunta rito na mga taong

may sakit, maglalaan tayo ng isang gabi para sa gawain ng pagpapagaling, marahil Sabado ng gabi at Linggo rin. Kung makita natin na di natin sila kayang maasikasong lahat sa Linggo, maglalaan tayo ng Sabado ng gabi. Antabayan lang natin kung ano ang mangyayari.

101 Ngayon idinadalangin ko—idinadalangin ko na ang mga pagpapala ng Diyos ay maglumagak nang husto sa bawat isa sa inyo, at Siya'y sumama sa inyo at pagpalain kayo hanggang sa magkita-kita uli tayo bukas ng gabi.

102 Atin na pong iyuko ang ating mga ulo ngayon sa kaunting sandali ng pananalangin, habang hinihiling ko sa pastor na pumarito at isara ang gawain sa pagdulog na pananalangin.

*Ang Ikalawang Pagparito Ng Panginoon* TAG57-0417
(The Second Coming Of The Lord)
Serye Ng Mga Rebaybal Sa Pasko Ng Pagkabuhay

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Abril 17, 1957 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org